Republic of the Philippines
Department of Health
FOOD AND DRUG ADMINISTRATION

15 DEC 2015

FDA ADVISORY
No. 2015-094-A

SUBJECT : Paalala sa Publiko Tungkol sa Tamang Pagpili ng mga Laruan Ngayong Darating na Kapaskuhan

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko, lalo na ang mga magulang, na maging mapanuri sa pagpili ng mga laruan ngayong darating na kapaskuhan.

Para makasiguro na ligtas ang bibilhing mga laruan ngayong kapaskuhan, pakitandaan ang mga sumusunod na paalala:

1. **Siguraduhing basahin ng mabuti ang label ng mga laruan.** Maging mapanuri sa mga rekomendasyong nakalaan para sa mga mamimili. Tingnan ang pangalan, address at numero ng lisensyang ibinigay ng FDA sa kompanyang naglagay ng laruan sa pamilihan.



Civic Drive, Filinvest City, Alabang 1781 Muntinlupa, Philippines
Trunk Line +63 2 857 1900 Fax +63 2 807 0751
Website: www.fda.gov.ph Email: info@fda.gov.ph

ISO 9001:2008 Management System
TÜVRheinland CERTIFIED
www.tuv.com ID 9105073396

2. **Piliin ang laruang naaayon sa edad ng bata, sa kanyang kakayahan at kahusayan sa paglalaro.** Sapagkat ang mga laruan ay maaring makapahamak sa mga bata, siguraduhing sundin ang rekomendasyon para sa tamang edad ng mga batang maaaring gumamit ng laruan. Tandaan na ang sumusunod na simbulo ay isang babala na ang laruan ay di dapat magamit ng mga batang edad tatlumpo't anim (36) na buwan pababa:

3. **Huwag ibigay sa mga bata na tatlong taong gulang pababa (0-3 na taong gulang) ang mga laruang may maliliit na parte na maaaring maisubo at makabara sa lalamunan**. Siguraduhing ang mga maliliit na parte ng mga laruan ay hindi madaling matanggal ng mga bata.

4. **Sundin ng wasto ang nakasulat na direksiyon sa pagbuo ng laruan.** Ugaliing itago ang lahat ng mga tagubilin na nakalakip sa biniling laruan.

5. **Laging bumili ng mga laruan sa mga kilala at respetadong pamilihan.**

6. **Bantayan ng mga magulang o ng mga nakakatanda ang mga bata habang naglalaro.** Siguraduhing ang mga laruan ay ginagamit ng tama at naaayon sa edad at kakayahan ng bata.

7. **Regular na suriin ang mga laruan kung may sira na maaaring makapahamak sa mga bata.** Ugaliing itapon agad ang mga sirang laruan.

8. **Siguraduhin na ang mga laruang naaayon sa mga batang apat na taong gulang pataas ay hindi maaabot ng mga batang tatlong taong gulang pababa.** Ang mga laruang ito ay posibleng may mga maliliit na parte na maaaring makapahamak sa mga bata.

9. **Alisin at itapon ng maayos ang mga pinaglagyan ng mga laruan tulad ng mga karton, plastic at patel.** Kung maaari, i-recycle o gamiting muli ang mga karton at plastic na pinaglagyan ng laruan.

10. **Turuan ang mga bata na iligpit ng maayos ang kanilang laruan pagkatapos nilang gamitin.**

11. **Kung may mga reklamo o isyu sa kaligtasan ng nabiling laruan, ugaliing dumulog sa pinagbilhan o sa FDA**. Upang gumawa ng report, puntahan ang **e-report** sa kanang taas ng FDA website at sagutan ang mga katanungan.

12. **Huwag mag-atubiling puntahan ang FDA website (www.fda.gov.ph) upang tingnan kung anu-ano ang mga balita pagdating sa mga laruan sa merkado.** Bukod dito, makikita rin sa FDA website ang listahan ng mga lisensyadong kumpanyang naglalagay sa pamilihan ng mga laruan at ang listahan ng lahat ng laruang dumaan sa FDA. Upang i-tsek kung ang laruan ay dumaan sa FDA, i-type lamang sa **Search Tab** sa kanang taas ng FDA website ang pangalan ng laruan.



Pinapaalalahanan ng FDA ang mga kumpanya na gumagawa, nag-aangkat, naglalabas o nagpapadala ng produkto sa ibang bansa, namamahagi at nagbebenta ng mga hindi rehistradong laruan na ang mga ito ay ipinagbabawal sa ilalim ng Republic Act No. 9711 o Food and Drug Administration Act of 2009. Ang lahat ng mahuhuling kumpanya na gumagawa ng mga nabanggit na aktibidad ay papatawan ng multa na nagkakahalagang limampung libong piso (₱50,000.00) hanggang limang daang libong piso (₱500,000.00) at karagdagang isang libong piso (₱1,000.00) sa bawat araw na patuloy na paglabag sa batas.

Para sa mga karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa info@fda.gov.ph. Ang lahat ay hinihikayat na sumangguni at magsumbong sa FDA ng anumang kahina-hinalang aktibidad o laruan na binebenta sa pamilihan sa pamamagitan ng mga sumusunod:

1. FDA e-report sa website
2. Magpadala ng email sa report@fda.gov.ph
3. Tumawag sa FDA sa numerong (02) 857-1984

Ating tandaan na ang mga paalalang ito ay dapat gamitin sa pang-araw-araw na buhay at hindi lamang ngayong kapaskuhan.

MARIA LOURDES C. SANTIAGO, MSc, MM
OIC, Director General

DTN: 20151207081223